Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
Visayas Avenue, Diliman, Quezon City
Tel Nos. (632) 8929-66-26/28; 8929-6635/8929-3618/8929-4028
IP Phone Trunkline No. 8988-3367

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| TO | : | The PENR Officer<br>DENR Palawan, Region IV B - MIMAROPA<br>Brgy. Sta. Monica, Pto. Princesa City, Palawan |
| FROM | : | The Head, DENR Action Center/Hotline |
| SUBJECT | : | **REFERENCE CODE NO. PL-GDP-02-16-2022-046 RE: LETTER REQUEST FROM MRS. GINA LABAJO REQUESTING FOR THE GENERAL VERIFICATION SURVEY FOR THEIR LAND LOT SITUATED AT SITIO BENICAN, BRGY. SAN NICOLAS, CORON, PALAWAN** |
| DATE | : | February 24, 2022 |

Respectfully referred herein undated letter sent thru email, addressed to the Presidential Complaint Center (PCC) thru Dir. Jaime Llaguno Mabilin, bearing Code No. **PL-GDP-02-16-2022-046,** transmitted to the DENR Secretary thru the Head Executive Assistant, and further conveyed to the DENR Action Center/Hotline from Mrs. Gina Labajo of Sitio Benican, Brgy. San Nicolas, Coron, Palawan pertaining to the parcel of land that they are currently occupying for 10 years now that is allegedly being claimed as part of TCT #6498 – which supposedly should only include Sitio Cocolayan in San Nicolas, Coron, Palawan. Ms. Labajo, on behalf of the Agri-Farmer, Fisher Folks Association, Incorporated, claims that they were being harassed from their own areas, thus, they are requesting for a general verification of their land lots in Sitio Benican which merits for appropriate action, consistent with existing laws, rules and regulations.

Kindly inform directly the requesting party of action taken in this regard furnishing the PCC, HEA, and this Office for monitoring/reference purposes. Expeditious action is requested in accordance with the provisions of Republic Act No. 11032, otherwise known as the Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018 as implemented and enforced by the Anti-Red Tape Authority. Please be reminded that failure to timely respond to the public's concern shall be ground for administrative sanctions under existing laws and regulations.

For immediate attention, please.

**MERLINDA R. MANILA**

**Copy furnished:**

The Presidential Complaint Center (PCC), Malacañang, Manila
Head Executive Assistant
The Undersecretary USEC for Field Operations and Environment
DENR Region IV B MIMAROPA, 1515 L & S Building, Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Mrs. Gina Labajo, Sitio Benican, Brgy. San Nicolas, Coron, Palawan

*/jmm*

---------- Forwarded message ---------
From: **cherry requina** <ohea.denr@gmail.com>
Date: Tue, Feb 22, 2022 at 1:52 PM
Subject: Fwd: GINA LABAJO
To: DENR Action Center <actioncenter@denr.gov.ph>

---------- Forwarded message ---------
From: **Presidential Complaint Center (PCC)** <pcc@malacanang.gov.ph>
Date: Mon, Feb 21, 2022 at 7:58 AM
Subject: GINA LABAJO
To: DENR HEA <ohea.denr@gmail.com>

Please find enclosed, a copy of the Center's action taken on the subject matter. Thank you.

# PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER

## Office of the President of the Philippines

Malacanang Complex

San Miguel, Manila

PCC OFFICE HOURS

8736 8629 / 8736 8645 / 8736 8621

Monday to Friday (except National Holidays and Work Suspensions)

8:00am to 5:00 pm


**IMPORTANT:**

The information contained in the communication is privileged and confidential and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this email in error, please notify us immediately by return email **and** delete the document. The Center is neither liable for the proper and complete transmission of the information nor for any delay in its receipt. The Center accepts no liability for any damage caused by this email or its attachments due to viruses, interference, interception, corruption or unauthorized access.


**Code No. PL-GDP-02-16-2022-046**

**DENR**

/MBS

Office of the President
**PRESIDENTIAL COMPLAINT CENTER**
Malacañang, Manila

16 February 2022

**Secretary ROY CIMATU**
Department of Environment and Natural Resources
Visayas Ave., Diliman
1100 Quezon City

**Thru: Mr. GAVIN D. EDJAWAN**
Head Executive Assistant

**Sir:**

Respectfully forwarding the attached undated letter, with enclosure/s, addressed to the Center, for appropriate action, consistent with existing laws, rules and regulations on the matter, from **Mrs. GINA LABAJO** of Sitio Benican, Brgy. San Nicolas, Coron, Palawan, seeking intercession relative to issues and concerns which, as stated therein, may be best coordinated/addressed by that Office.

A reply direct to the party/ies concerned, copy furnished the Center, citing **PCC Code No. PL-GDP-02-16-2022-046**, will be highly appreciated. Expeditious action is requested in accordance with the provisions of Republic Act No. 11032, otherwise known as the Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018 as implemented and enforced by the **Anti-Red Tape Authority**. Please be reminded that failure to timely respond to the public's concern shall be ground for administrative sanctions under existing laws and regulations.

Our cordial regards.

Very truly yours,

fn:

**JAIME LLAGUNO MABILIN**
Director IV

Encl.: a/s
Cc: party/ies concerned
All enclosure/s forwarded to agency
/gdp
R

**IMPORTANT**

Information contained in this communication is privileged, confidential and intended solely for the use of the individual or entity to whom it is addressed and others authorized to receive it. If you are not the intended recipient, you must not disclose or use the information contained in it. If you have received this communication in error, please notify the Presidential Complaint Center immediately and dispose this communication in accordance with the provisions of Republic Act 10173 otherwise known as the Data Privacy Act of 2012.

BAHAY UGNAYAN, JOSE P. LAUREL STREET, MALACAÑANG, MANILA
Telephone Numbers: 736-8645 (Governance and Local Affairs Division);
736-8603 (Social Services Division); Fax Number: 736-8621
Email Address: pcc@malacanang.gov.ph

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Palawan
Sitio Benican, Brgy. San Nicolas
Bayan ng Coron, Palawan

Kapayapaan

Office of the President
Presidential Action Center (PAC)
Tahanan ng masa Building
Malacañang, Manila Philippines

OFFICE OF THE PRESIDENT
MALACAÑANG
RECEIVED
FEB 15 2022
BY:
Presidential Complaint Center

Dear Sir/Maam

Isang maaiwalas ng pabati sa inyong lahat ng mga tapat na Lingkod ng Bayan ng ating bansang Pilipinas.

Sa pagsapit ng bagong taon 2022 ay isa ring panibagong pakikibaka sa anong hamon na maaring darating sa taong ito. Kung saan ang ating pamunuan ay puno ng mga adhikain lutasin ang ano mang mabigat na suliranin na haharapin, na kailanman ay patuloy po na siyang tunay na dahlian ng kaguluhan sa bawat nanunungkulan ng ating bansa. Panahon na naman uli ng Eleksyon upang ang karapatan ng mga mamamayan ay ang siyang masunod na mamili sa mga asipranteng kandidato naming karapat dapat iluklok sa nasabing pwesto na maaring lulutas sa kay tagal ng walang kalutasang problema ng ating bansang Pilipinas.

Bago ko po sir/maam, ipagpatuloy ang akig mga saloobin. Hayaan po nyo akong lubusang magpakilala pang maunawaan niyong lubos kung bakit ako dumulog sa National Department.

Ako po si Ginang Gina Labajo,isang single parent, ang aking mga magulang ay sina Ginoong Espiridion Labajo at Teresita Castro. Bunso po ako sa walong anak ng aking mga magulang. Tubong Negros Occidental, pagtatabas ng tubo ang nagisnan naming pinaghahanapbuhay mula pa taong 1990. Napagisipan ng aking mga magulang na lumipat sa Mindoro sa Yawyawi 2 Barangay Murtha San Jose Occidental Mindoro. Dahil po sa kahirapang naranasan naming sa negros kaya kaya kami lumisan. Sumakay kami ng barko papunta sa nasabing lugar upang makipagsapalaran.

Pagdating namin sa Mindoro nalaman po ng mga magulang ko ang naging kabuhayan ng mga tagaroon, ay ang pagsasaka. Ito po ang testimonya ng aking mga magulang pagkat taong1994 ako ay isinilang.

Dahil baguhan lang ang aking mga magulang, nanganihan lang sila sa may lupa taniman ng mais at palayan ng tagaroon at iba't iba pang pagkikitaan mabuhay lang ang pamilya. Dahil sa ganong kalagayan sa buhay na labis na kahirapan, napag isip-isip ng aking mga magulang humahanap ng ibang lugar upang magkaroon ng sariling lupain.

Kaya po ang matandang kapatid ko na si Vivian na nakapag-asawa ng taga Mindoro ay siyang naunang pumunta dito sa Coron, Palawan para alamin ang maaring sagot sa kahirapan sa buhay sa Mindoro. Edgardo Batoon ang kinakasama ng ate ko. Hindi rin nagtagal nagkahiwalay po sila, Hindi ko alam ang tunay na dahilan ang nalalaman ko lang ay ang kinakasama ng ate ko ngayon ay ang kasama niya sa negosyo na taga Mindoro rin. Sa pagnenegosyo nila ng iba't ibang produkto, tulad ng mga gulay, bigas at iba't ibang mga prutas. Sa kasalukuyan dito din sila nanirahan Sitio Benican. Dahil po sa naging sitwasyon ng ate ko na gumanda na ang buhay nainganyo ako at ang kinakasama ko na sumunod na rin papuntang Coron upang makipag sapalaran, nauna po ako sa pagpunta sa Coron taong 2014 kasama ko ang iba kong kapatid. Nakipanuluyan po ako kay ate Vivian Bilang Tindera at iba't ibang gawaing pambahay. Medyo may kinikita na rin ako kaya minarapat ko ng padalhan ng pamasahe ang mag-ama ko para makasama ko na rin sila dito sa Coron sa taong din 2014 buwan ng hunyo. Dumating ang aking mag-ama at nakapagtrabaho agad siya sa Fish cage, pagat ipinasok siya ng uncle ni Richard Mulo kapatid ng nanay sa Sitio manggahan Brgy. Tagumpay Coron, Palawan. Ang aming anak na lalaki na si Jereck ay iniwan po namin sa kapatid ko na si Judy Pangatlo kong kapatid na lalaki na nasa Sitio Benican parin nagkaroon ng pwesto na walang kaukulang Legal na pinanghawakan na dokumento.

Kailangan ko po ang katapatan sa aking mgagawing pagdulog sa "National" Para matulungan kami, kung saan ang bawat isa sa amin kailangan ng kaliwanagan, para magkaroon ng kasarilinan sa lupang aming kay tagal naming minimithing maangkin lubusan.

Dito po sir/maam minarapat kong isalaysay ang tanging karanasan ko sa buhay kung saan ang tadhana ang siyang dahilan kung bakit ganito na ang takbo ng aking buhay.

Sa unang pagkakataong sa aking pagdadalaga sa edad kong labin anim di maiwasan ang hindi ako mangarap na sa may lalaking magugustuhan ang puso ang namimintuho sa akin ng sa kasalukuyan nag-aaral pa ako sa National Agricultural and Industrial High School, Brgy. Murtha Yawyawi Munisipyo ng San Jose, Occidental Mindoro. Ang kinakasama ko naman na si Richard Molo sa edad nyang labing walo ay nag-aaral din sa paaralanm lugar ng Pag-asa. Sa una naming pagkikita ay nagpakita siya ng kabaitan kaya ko siya nagustohan kahit ako nagpatuloy ng pag-aaral mayroon ng namamagitan sa amin ni Richard kaya ng magtapos ako sa high school nabuntis na niya ako at siya naman hindi na nakatapos sa kolehiyo. Nagsamana kami ni Richard, nakisama na kami sa magulang niya sa Sudlon Rizal. Pagkatapos mag graduate taong 2009-2010. Sa taong 2010 din isinilang din ag aming bunga ng pagmamahalan.

Pumasok ng construction worker ang ka-live in partner ko na si Richrd. Dahil nahiya na ako sa mga magulang niya kung saan kami nanunuluyan ng magdalawang taon na ang anak naming ay nahikayat ako na ng panganay naming kapatid na si Vivian upang dito na kami sa Coron manirahan. Naiwan po ang kalive-in ko pati ang maliit pa naming anak na dalawang taong gulang pa lamang.

Kaya po sir/maam nakarating ako sa Coron, Palawan kung saan panibagong pakikibaka sa buhay upang sundin ang takbo ng aking kapalaran. Ang bagong pakikisalamuha ng kalive-in partner ko sa kayang pinagtatrabahuhan ay nagdulot ng pagbabago sa kanyang pagkakilala ko sa kanyang

kabaitan. Natutuhan na niyang magbisyo, alak, sugal at sigarilyo at iba pa na natutuhan niya sa kanyang naging barkada. May mga sandali na sinasaktan na niya ako, dahil minsan pinuntahan niya ako sa pinagtatrabahuhan kong Restaurant, nag eskadalo na po siya sa harap ng aking mga customer. Wala po akong ibang iniisip kung di mabago na ang buhay namin makaahon sa kahirapan tiniis ko pa rin ang pagbabago ng pag-uugali ng kalive-in partner ko.

Sir/Maam, hindi ko po pwedeng itago ang taglay kong kagandahan, kaya naramdaman ko puno ng pag seselos ang kalive-in partner ko lalo na marami ng mga customer na nakapansin sa taglay kong kagandahan. Naging marami na ang aking tagahanga, isa na dito si Blademer Ay-ay. Lubos kong pinag-aralan ang naging sitwasyon naming ni Richard Molo sa panahon ng ibayong tukso. Dapat na ako magpasya kung ano ang nararapat kung gawin kaya kinausap ko na ang kalive-in partner ko na maghiwalay na kami.

Sir/Maam sa kasalukuyan ngayon kami na ni Blademer Ay-ay ang panibago kong kalive-in partner na siyang naging katrabaho ko sa restaurant. Kaya kami ay nandito sa Sitio Benican, Brgy. San Nicolas, Coron Palawan.

Panibagong hamon uli ito sa akin ng kapalaran ang itama ang mga nagawang kamalian at huwag ng magkamaling muli.

Sir/maam isang malaking halimbawa ang naging bawat karanasan ko sa buhay. Tulad po sa pagpasok namin sa lupain na kailangang mayroong katiyakan. Maraming naghihikayat sa amin na pasukin at tayuan ng mga kubo ang nasabing lugar, tulad ng ginawa ng mga Pesante. Hindi po ako nahikayat sa kanila, pagkat ito ay isang uri ng paglabag sa batas "Land Grabbing" pagkat tunay kang Professional Squatter sa nasabing lugar. Kaya po sir/maam , kaya po lumalapit po kami sa National Legal Process of Appeal (NALEPAP) para mabigyan ng kaliwanagan, kalinawan sa nararapat at tamang gawin sa pagdulog sa Nationa Departmen pagkat dito po sa aming local department ay wala na po kaming maasahan. Kung aming pagkawari ay "Ang hustisya ay para lang sa mayayaman at maimpluwensyang tao na siyang naging sanhi ng mga panlupaing problema dito sa aming lugar Coron, Palawan.

Nagbuo kami ng samahan, ang Agri-Farmer, Fisher Folks Association Incorporated at ako po ang napili nila na maging Pangulo sa nasabing samahan. Binuo po ito ng mga napiling opisyales at qualified members para ipaglaban sa pamamagitann "Legal" na kaparaanan.

Ito po sir/maam, ang mga unang hakbang na ginawa ng aming samahan,. (see photocopy attached of supporting document)

1. Ang pagkakaroon naming ng Brgy. Certification.
2. Ang alamin kung ang lugar ay public land or di kaya timberland sa pamamagitan po ng pakikipag-ugnayan namin sa nakatalagang tanggapang local – Office of the DENR.
3. Ang paghahanap pa rin ng iba't ibang inpormasyon kung sino pa angmayron ng Legal na karapatan sa lupang sinukat, tinamanan at tinirhan. Isang dokumentong Legal na mapanghawakan sa habang panahon.

"Pagtuklas"

Sa taong 2021 biglang may lumitaw na dokumento nagsasaad na ang lupang sa lugar na Sitio Cocolayan ay sakop ng kanyang TCT# 6498. Isang uri na po ito ng pagharas sa amin, pagkat halos sampong taon na po kaming naninirahan ang iba ko pang mga miembro sa Sitio Benican Brgy. San Nicolas, hindi po sa Sitio Cocolayan, Brgy. San Nicolas Coron, Palawan.

Tanging hiling at pagsusumamo po namin na mabigyan nyo na po ito ng tamang hustisya upang tunay na serbisyong totoo ay hindi lang po sa sa mga mayayaman at maimpluwensyang mamamayan na kaya nilang pasunurin ang naglilingkod dito sa Local na pamahalaan upang apakan ang aming mga karapatan mga mahihirap masunod lang ang kanilang kagustuhan. Para sa aming maging katiyakan, hiling namin ng paulit magkaroon na ng "General Verification Survey and inventory ang aming lugar Sitio Benican, Brgy. San Nicolas, Coron Palawan. Tulad din po sa mga lugar kung saan humingi ng tulong suporta sa "National Legal Process of Appeal (NALEPAP) Right Justice Must Prevail. Isang katuparan ito sa Presidential Complaint Center (PCC) ng Office of the President na tuldukan na ang ganitong Gawain sa pamamagitan ng "Anti Red Tape Authority (ARTRA LAW) (See photocopy attached)

Humihingi na po ako ng paumanhin sa napakahaba kong sulat pagdulog sa isang maaliwalas na pananaw para sa mga tumatakbong aspiranteng kandidato para sa pagka pangulo ng ating bansang pilipinas, na ihaon ang ating bansa sa matinding dagok ng kahirapan, katiwalian ng sanhi sa mga tiwaling opisyal na ating iniluklok sa ating bayan sa bawat tanggapan Lokal man o Nasyonal.

Tanging dalangin naming sa poong maykapal na mabigyan na ng ibayong pansin ang aming mga kahilingan "God Bless"

Lubos na gumagalang<br>
At nag papasalamat<br>
Ginang Gina C. Labajo<br>
Sitio Benican, Brgy. San Nicolas<br>
Coron, Palawan<br>
Agri-Farmers, Fisher Folks<br>
President



Ginang Gina C. Labajo